



Dapat Malaman Tungkol sa Muling Pagdidistrito

Kauna-unahan sa kasaysayan ng County ng Los Angeles County! Muling iguguhit ng isang malayang Los Angeles County Citizens Redistricting Commission (LA County CRC) ang pampangasiwaang distrito para sa susunod na 10 taon.

Ang Kailangan Mong Malaman

Paano Naiiba ang Proseso ng Pagdidistritong ito sa mga Nakagawian sa Nakaraan

Sa nakaraan, ang Lupon ng mga Superbisor ay may pinal na salita bago mapagtibay ang mga pinal na hangganan sa muling pagdidistrito. Sa kasalukuyan, idinisenyo ang LA County CRC upang maging malaya sa impluwensya ng Lupon at sumalamin sa dibersidad ng County.

Pangkalahatang Pananaw sa Muling Pagdidistrito

Ang ating gawain ay kinapapalooban ng pagpapatibay ng mga pampangasiwaang na distrito na halos magkakatulad sa popuasyon – tinatayang nasa 2 milyong mamamayan sa bawat distrito – batay sa datos ng Senso ng Estados Unidos. Ang ibang mga konsiderasyon ay pagiging patas tungkol sa lahi at etnisidad; hindi paghahati ng mga pinagtutuunang lungsod, kapitbahayan, at komunidad; at pagkakaroon ng maliliit na distrito.

Bakit Mahalaga ang Muling Pagdidistrito

Sa antas na panlokal, makakatulong ang pana-panahong pagdidistrito upang:

- Matiyak na ang populasyon at mga komunidad sa County na may dibersidad ay may mga pagkakataong mapakinggan ang kanilang mga boses.
- Pahintulutan ang mga botanteng bumoto ng mga kinatawang pipiliin nila at hindi iguguhit ang mga pampangasiwaang distrito sa paraang magpapagulo sa mga patas na pagkakataon.
- Gawing tumutugon ang mga Superbisor sa mga ninanais at pangangailangan ng mga residente sa pamamagitan ng:
 - Mga pampublikong patakaran upang mapabuti ang buhay
 - Mga pampublikong serbisyo at mapagkukunan (hal., mga sentro para sa pampublikong kaligtasan at medikal, mga serbisyong panlipunan, mga parke, syerip, mga serbisyong munisipal sa mga hindi isinasamang lugar at mga nakakontraang lungsod... at marami pa)

Ninanais natin ang malinaw at inklusibong proseso. Iparinig ang iyong boses sa pamamagitan ng:

- Pagdalo sa ating mga regular na pagpupulong
- Pagbabahagi ng iyong mga saloobin sa ating mga Pampublikong Forum at Pampublikong Pagdinig
- Pagsusumite ng mga nakasulat na pampublikong komento
- Paghahanda at pagsusumite ng mga mapa para sa konsiderasyon
- Pagpapaalam sa iba ng tungkol sa muling pagdidistrito

Mag-sign up! Makibahagi:

<https://redistricting.lacounty.gov/>



Sino Kami

Kasamang Tagapagulo Daniel Mayeda
Kasamang Tagapagulo Carolyn Williams

Komisyoner Jean Franklin
Komisyoner David Holtzman
Komisyoner Mary Kenney
Komisyoner Mark Mendoza
Komisyoner Apolonio Morales
Komisyoner Nelson Obregon
Komisyoner Priscilla Orpinela-Segura
Komisyoner Hailes Soto
Komisyoner Saira Soto
Komisyoner Brian Stecher
Komisyoner John Vento
Komisyoner Doreena Wong

